Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# MAPEH - ARTS


**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writers:** | Lisette B. Coronado |
| **Illustrators:** | Lisette B. Coronado |
| **Layout Design Editor:** | Dr. Normina B. Hadji Yunnos |
| **Content Editors:** | Pedro D. Gloriani |
| **Management Team:** | Dr. Malcom S. Garma, Regional Director - NCR<br>Loreta B. Torrecampo, CESO V, SDS - SDO Pasay City<br>Dr. Arturo A. Tolentino , OIC ASDS- Pasay City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR<br>Librado F. Torres, CID Chief SDO-Pasay City<br>Dr. Marita D. Aquino ,Regional EPS- MAPEH<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS – NCR<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Mr. Pedro D. Gloriani , EPS-MAPEH – SDO Pasay City<br>Dr. Normina B. Hadji Yunnos, EPS-LRMS - SDO Pasay City |


(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

### Inaasahan

Participates in a school/district exhibit and culminating activity in celebration of National Art Month (February)

### Unang Pagsubok

**PANUTO**: Isulat ang **TAMA** kung ang pangungusap ay nagpapakita ng wastong paraan at pag-uugali sa pagbuo ng isang eksibit. **MALI** naman kung hindi wasto.

________ **1.** Tumulong sa paghahanda ng mga kagamitan para sa eksibit

________ **2.** Huwag pansinin ang mga ideya at opinyon ng bawat isa.

________ **3.** Ipaalam sa kasama sa bahay ang iyong gagawing eksibit.

________ **4**. Pagtawanan ang mga likhang-sining ng iba.

________ **5**. Ipagawa ang eksibit sa iyong mga magulang.

### Balik-tanaw

Paano mo ipinakita ang iyong suporta sa eksibit na ginanap sa inyong paaralan noong wala pang pandemya ?

______________________________________________________________________________

____________________________________________________________________

### Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Ang buwan ng Sining ay ipinagdiriwang ayon sa Presidential Proclamation No.683 na inilabas noong 1991 na nagtakda sa buwan ng Pebrero bilang National Art Month sa bansa. Ang National Commission for Culture and Arts o NCAA ay nagsagawa ng mga videos upang panoorin ng mamamayang Filipino.

Ang buwan ng Sining ay ginaganap tuwing buwan ng Pebrero. Layunin ng pagdiriwang ngayon ay palakasin ang talento ng mga Pilipino sa gawaing makasining. Ang galing ng mga Pilipino ay kilala din saan man panig ng mundo.

Ang pagdiriwang ng buwan ng Sining ay malaking tulong upang maging inspirasyon lalo na sa ang mga kabataan. Gamitin at ibahagi ang kanilang talento upang sila ay malayo sa anumang masasamang gawain o bisyo.

Ang pagtatanghal sa mga obra o eksibisyon ay ginaganap upang maipakita ang mga nalikhang obra. Karaniwang ginagawa ang eksibisyon sa paaralan lalong-lalo na sa asignaturang Sining o Art. Mayroong pampaaralan, pangklase, pangkagawaran, at iba pang uri ng eksibisyon. Sa pang eksibisyon, naipamamalas ng mga manlilikha ang kanilang kakayahan.

### Gawain

**PANUTO:** Sa kadahilanan na nakararanas pa rin tayo ng pandemya tayo ngayon ay nasa kanya-kayang mga bahay upang magkaroon ng online class. Upang maipakita ninyo ang inyong mga nagawang likhang sining magkakaroon tayo ng Virtual Eksibit sa inyong bahay.

**MGA HAKBANG SA PAGGAWA**:

**1.** Ipaalam sa iyong mga kasama sa bahay ang iyong gagawing eksibit.
**2.** Pagsama-samahin ang iyong mga nagawang likhang sining simula ng ikalawang markahan.
**3.** Maghanap ng isang lugar sa inyong bahay na kung saan mailalagay ang iyong mga likhang sining.
**4.** Isalansan nang maayos ang iyong mga likhang sining.
**5.** Maglagay ng dekorasyon upang mas mapaganda ang iyong eksibit.
**6.** Maghanda ng paliwanag sa iyong nagawang eksibit.
**7.** Pagkatapos ng eksibit ayusin at linisin ang lugar na pinaglagyan ng iyong eksibit.

## Tandaan

Ang pagtatanghal ng obra o eksibit ay ginagawa upang maipakita at ipagmalaki ang bawat likhang-sining. Layunin din nito ay maipakita ang pagtutulungan at respeto sa bawat ideya at opinyon ng bawat isa. Naipapakita din natin ang paggalang at paghanga sa ibat-ibang kakayahan ng bawat isa.

## Pag-alam sa Natutuhan

**PANUTO:** Gamitin ang rubrik sa ibaba upang masuri ang ipinakita mong kakayahan sa eksibisyon. Kulayan ng paborito mong kulay ang kahon na katumbas ng antas na naabot mo sa bawat kakayahan.

| PAMANTAYAN | Nakagawa ng higit sa inaasahan (5) | Nakagawa ng maayos (3) | Nakagawa ng kaunting pagkukulang (1) |
|---|---|---|---|
| **1.** Naihanda ng maayos ang mga gagamitin sa eksibit. | | | |
| **2.** Naipapakita ko ang kasiyahan paggawa ng eksibit. | | | |
| **3.** Maayos kong natanghal ang sariling likhang-sining. | | | |
| **4.** Malinaw na napaliwanag ang ilang katanungan tungkol sa sariling likhang sining | | | |
| **5.** Buong giliw na inayos at nilinis ang lugar na pinagganapan ng eksibit. | | | |

## Pangwakas na Pagsusulit

Bakit kailangang galangin ang ibat- ibang kakayahan ng bawat isa? (5 puntos)

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________

**Susi sa Pagwawasto**

**Unang Pagsubok**

**1**. TAMA
**2**. MALI
**3.** TAMA
**4**. MALI
**5**. MALI

**Balik-tanaw**

Isinasama ko ang aking likhang-sining sa eksibit sa aming paaralan.

**Pag-alam sa Natutunan**

1. 5
2. 5
3. 5
4. 5
5. 5

**Puntos: 25**

**Pangwakas na Pagsusulit**

Bawat isa sa atin ay may angking kakayahan o talentong sumulat, kumanta, magsayaw o gumihit kaya't atin itong igalang at respetuhin. Ang ating kakayahan o talento ay kailangan nating linangin at ibahagi sa ibang tao upang maging inspirasyon ito.

**Sanggunian:**
Halinang Umawit at Gumuhit, Hazel P. Copiaco, Emilio S. Jacinto Jr., Guide to the Philippines